# Kaya kapag nakita mo ang mga sumusunod sa anumang tumalinghaga mula rito, ang mga iyon ay ang mga tinukoy ni Allāh kaya mag-ingat kayo sa kanila

Ayon kay `À’ishah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Binigkas ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang talatang ito (Qur'ān 3:7): {Siya ay ang nagpababa sa iyo ng Aklat; mula rito ay may mga talatang isinatahasan; na ang mga ito ay ang saligan ng Aklat, at may mga ibang pinatalinghaga. Hinggil sa mga nasa mga puso nila ay may pagliko, sumusunod sila sa anumang tumalinghaga mula rito dala ng paghahangad ng ligalig at dala ng paghahangad ng pagbibigay-pakahulugan dito samantalang walang nakaaalam sa pagbibigay-pakahulugan dito kundi si Allāh. Ang mga nagpakalalim sa kaalaman ay nagsasabi: "Sumampalataya kami rito; lahat ay mula sa ganang Panginoon namin." Walang nagsasaalaala kundi ang mga may isip.}" Nagsabi siya: Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Kaya kapag nakita mo ang mga sumusunod sa anumang tumalinghaga mula rito, ang mga iyon ay ang mga tinukoy ni Allāh kaya mag-ingat kayo sa kanila."}
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Binigkas ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ang talatang ito (Qur'ān 3:7): {Siya ay ang nagpababa sa iyo ng Aklat; mula rito ay may mga talatang isinatahasan; na ang mga ito ay ang saligan ng Aklat, at may mga ibang pinatalinghaga. Hinggil sa mga nasa mga puso nila ay may pagliko, sumusunod sila sa anumang tumalinghaga mula rito dala ng paghahangad ng ligalig at dala ng paghahangad ng pagbibigay-pakahulugan dito samantalang walang nakaaalam sa pagbibigay-pakahulugan dito kundi si Allāh. Ang mga nagpakalalim sa kaalaman ay nagsasabi: "Sumampalataya kami rito; lahat ay mula sa ganang Panginoon namin." Walang nagsasaalaala kundi ang mga may isip.}" Dito ay nagpabatid si Allāh (kaluwalhatian sa Kanya) na Siya ay ang nagpababa sa Propeta Niya ng Qur'ān, na mula rito ang mga talatang maliwanag ang pakahulugan, na nalalaman ang mga patakaran: walang pagkalito sa mga ito. Ang mga ito ay saligan ng Aklat at sanggunian nito. Ang mga ito ay ang sanggunian sa sandali ng pagkakaiba-iba. Mayroon dito na mga ibang talatang nagsasaposibilidad ng higit sa isang kahulugan, na nakalilito ang kahulugan ng mga ito sa ilan sa mga tao, o ipinagpapalagay na sa pagitan ng mga ito at ng mga ibang talata ay may salungatan. Pagkatapos nilinaw ni Allāh ang pakikitungo ng mga tao sa mga talatang ito. Ang mga taong sa mga puso nila ay may pagkiling palayo sa totoo ay nagwawaksi ng isinatahasan at sumasalig sa pinatalinghagang naisasaposibilidad. Naghahangad sila sa pamamagitan niyon ng pagpukaw sa maling akala at pagpapaligaw sa mga tao.

Naghahangad sila sa pamamagitan niyon ng pagbibigay-pakahulugan sa mga ito ayon sa sumasang-ayon sa mga pithaya nila. Hinggil naman sa mga matatag sa kaalaman, tunay na sila ay nakaaalam sa pinatalinghagang ito, nagsasangguni nito sa isinatahasan, at sumasampalataya rito at sa pagiging ito ay mula sa ganang kay Allāh (kaluwalhatian sa Kanya at napakataas Siya) at hindi maaari na makalito o magsalungatan. Subalit walang nagsasaalaala niyon at napangangaralan kundi ang mga may mga isip na matino. Pagkatapos nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa ina ng mga mananampalataya na si `À'ishah (malugod si Allāh sa kanya) na kapag nakakita siya sa mga naghahangad ng pinatalinghaga, tunay na sila ay ang mga tinukoy ni Allāh sa sabi Niya: {Hinggil sa mga nasa mga puso nila ay may pagliko}. Kaya mag-ingat kayo sa kanila at huwag kayong makinig sa kanila.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65062